



**(Ang Kapatiran / Alliance for the Common Good)**

29 Guerrero Street, Xavierville 1, Loyola Heights, 1108 Quezon City  
Mobile: (0917) 504-8794 Email: kapatiranparty@gmail.com  
Website: www.kapatiranparty.org

***“Kapwa Ko, Kapatid Ko”***

29 August 2022

Senator Robinhood C. Padilla  
Chairman  
Committee on Constitutional Amendments and Revision of Codes  
Senate of the Philippines  
Roxas Blvd., Pasay City

**Subject:** Constitutional Convention Act of 2022

Dear Senator Padilla,

*As-salamu alaykum! Christ's Peace be with you!*

Ikinagalak po namin ang inyong pagkakahirang sa *Committee on Constitutional Amendments and Revision of Codes* at lubos din naming ipinahahatid ang aming tiwala sa inyong kakayahang pamunuan at isulong ang mga pangangailangang panukala at resolusyon tungo sa pag-amyenda ng *1987 Constitution*.

Kaugnay po nito ay nais naming ipaalam sa inyo na ang *Kapatiran Party* ay maghahain ng panukalang batas na *Constitutional Convention Act of 2022* sa Senado at sa Mababang Kapulungan sa darating na Myerkules, ika-31 ng Agosto 2022.

Ang mga kaganapan at kinahinatnan ng ating minamahal na bansa at mga kababayan sa nakaraang 36 na taon sa ilalim ng ating kasalukuyang Saligang Batas ay hudyat ng di-maitatangging pangangailangan na masuring maigi at mapagpanibago ito.

Sa pagsusulong pong ito na inyong pinangungunahan ay marapat mapag-usapan ang dalawang prosesong maaari nating tahakin.

Isa na dito ay ang kasalukuyang panukala ng prosesong *Constituent Assembly* na kung saan ay mga kasalukuyang mambabatas ang mag-aaral at magmumungkahi ng bagong Konstitusyon na siyang pagbobotohan naman ng sambayanan.

Ang ikalawang proseso po ay ang pamamaraang *Constitutional Convention*, na aming nais isulong sa inyong komite sa mga kadahilanang sumusunod:

**1. Mahalagang makuha ang buong tiwala at pinakamalawak na partisipasyon ng mamamayan sa sagradong gawaing ito.**

Ang *Charter Change* po ay hindi na bagong usapin. Ito ay ilang beses nang isinulong sa ilalim ni Pangulong Ramos, Pangulong Arroyo at Pangulong Duterte. Hindi naging matagumpay ang mga hakbanging ito dahil sa pamamaraang *Constituent Assembly* na nagdulot ng masidhing oposisyon bunga ng isyu ng tiwala.


Ang *People’s Initiative* ay hindi rin nagtagumpay dahil sa imposibilidad na makakalap ng pirma ng “*at least twelve per centum of the total number of registered voters, of which every legislative district must be represented by at least three per centum of the registered voters therein*” bukod pa sa naging pasya ng ating Korte Suprema na may kakulangan ang *People’s Initiative and Referendum Act*.

**2. Ang hakbanging pagpapanibago ng Konstitusyon ay isang napakahalagang pamumuhunan para sa susunod na mga taon at henerasyon.**

Madalas pong nababanggit na ang *Constitutional Convention* ay nangangailangan ng mas malaking salapi halintulad sa *Constituent Assembly*.

Ngunit kung titimbangin po natin ang magugugol na may konsiderasyon sa pangangailangang tiwala ng mamamayan, pinakamalawak na partisipasyon ng taong bayan at kinabukasan ng bansa, sa darating na mga taon o dekada o siglo, ay marapat na masukat natin nang walang pag-aalinlangan ang anumang gastusin.

Ang amin pong panukala upang maibsan ang gastusin kung ihahambing sa pagkakalatag ng *1987 Constitution* ay mapagtatanto sa sumusunod:



Ang halalan po ng mga delegado sa *Constitutional Convention* ay maaaring isabay sa *Barangay Elections* na pinag-aaralang i-reschedule sa halip na sa Disyembre ng taong ito.

Ang plebesito po naman ay maaaring ganapin kasabay ng darating na *mid-term elections* sa 2025.

Ang inilaan pong salapi sa *Comelec* noong nakaraang *2019 mid-term elections* ay umabot sa higit kumulang na *P6 billion*. Sa katatapos naman pong *2022 Presidential and Local Elections* ay nasa *P26 billion* ang inilaan.

Ang ating pong *General Appropriations* sa taong 2023 ay umaabot sa *P5.3 trillion*, na katumbas lamang sa hindi hihigit sa isang porsyento (*1%*) ng ginugol noong 2019 and nitong *2022 elections*.

Sa amin po sanang pagpunta sa Senado sa Myerkules, ika-31 ng Agosto 2022 ay nais po sana naming mag-*courtesy call* sa inyong opisina bago po ang aming paghahain.

We look forward to your favorable reply on your availability for a visit.

Yours sincerely,



**NORMAN CABRERA**  
President  
0917 504 8794

*There will be HOPE if we have the courage to be that hope.*